# TEMPUS PER ANNUM AT IBA PANG TULA

**TEMPUS PER ANNUM**

Nagsasabit ng estola ang pari sa balikat, hinahagkan
Ang lungti na parang dayong dumaratal sa bagong
Lupang may hamog, ay sumasapit ang isang hiwaga—

Lumalapat ang lahat ng rubdob at rurok, pinapatag
Ng kung anong tumatahang katahimikan ngayon,
Ulit-ulit mang magsuntok ng dibdib, umamin sa sala.

Ganitong paglunggati sa lungti ang humahapon
Sa loob, habang humahakbang ang mga sakristan,
At ang madla'y humihimig ng bagong awit sa diyos.

Sapagkat naroon na raw siya sa nakapinid na tabernakulo
Na maya-maya'y bubuksan, luluhuran ng mga ministro,
Upang siya'y maiabot sa hugás na kamay ng tinawag

Na may dulot na bigkas upang magsalaman ang tinapay
At magsadugo ang alak. Minsan sa isang taon, lantad
Ng tabernakulong ito ang makinang na kahungkagan,

Wari'y mga dibdib nating walang lamáng kapanatagan
Habang gunita ang lumbay ng panginoong mag-isang
Tinatangisan ang palad na hindi na maipagpapaliban.

Lumipas na ngang muli ang lahat tungo sa karaniwang
Panahon at ebanghelyong muli ang kaniyang paglalakbay
Sa mga lupalop ng pangangaral. Nagaganap ang inog

At tumutugon ang mga alagad. Ngunit nananatiling ganap
Ang pagkapinid ng tabernakulo, walang handog na tugon.
May pagbásang magpapabaling sa kaniyang pag-akyat

Sa langit, at paggawad ng kapayapaan ay nagtitilang
Napanatili akong nagbabantay sa gabi ng sisidlang bukás,
Sa gabi sa Getsemani kung saan napatirapa ang diyos.

Doon pa rin ako nagtatanod, kahit nakakikita na ang bulag,
Gumagaling na ang maysakit, at bumabangon na ang patay.
Nais kong katukin ang tabernakulo sa gitna ng pag-awit

Sa pangakong ipagdiriwang ang pag-ibig ng panginoon.
Nais kong maaninag ang kaniyang mailap na mukha
Habang nadaramtan ang altar ng karaniwang lungtian

At nagyuyugto ang lahat sa payak na pagpapatuloy.
Nais kong itanong sa kaniya kung bakit karaniwang
Puspos ng ligalig at bagabag ang panahong karaniwan.

**FLORA, APAYAO, 1989**

Di man siya gaanong kilala, siyang tinatawag na Franklin,
Natunghayan ko sa kaniyang ataul ang kahinahinayang
Na tikas na pinarangal ng inalmirolang uniporme.

Gunita ko'y isang malagim na engkuwentro ang ganap
Na nagpabalik sa kaniya sa kandungan ng bayang ito,
At sa inang halos masiraan ng bait, nakaupo sa gilid

Ng puting kabaong. Kaysinop ng pagkakabihis, kontrapunto
Ng terminal na paghimbing: banaag pa sa kaniyang noo
Ang tila kirot ng pagkubkob sa kaniya ng rebeldeng bala.

Ililibing na siya noon, pinasisilip ang buong baryo sa huling
Pagkakataon; naglulupasay ang ina, tanghal ang dalamhati
Habang nagbebelo ng itim ang kamag-anakang kasama—

Sumilip din ako, at sumulak sa dibdib ang isang di kilalang
Damdamin. Isang musmos, tumitingkayad sa harap ng ataul,
Nakikibahagi sa luksang mapanakop, minamalas ang labí

Ng di kilalang kapitbahay—kinislutan ng habiling mistula
*Tandaan, tandaan ito*. Isinara ang ataul. Nagpugay-putok
Ang mga kabarong tutók ang nguso ng mga armas sa lupa.

**SA PAG-AABANG NG TRAYSIKEL ISANG TANGHALI**

Binubuklat ko ang *Western Wind* ni Nims habang kalmot
Ng alinsangan ang aking mukha. Násа bandang simula
Ako ng aklat kung saan iginigiit ang *ipakita; huwag sabihin*

Ay biglang lumitaw sa harap ko ang binatilyong lango
Yata sa kung ano at inusisa ako, *anong kuwento iyan ha,*
*Anong kuwento niyan?* Salat ng gitla ko ang gaspang,

Di lámang ng kaniyang mukha, pati na ng nakasisindak
Niyang tapang. Mapilit siya, *ano, ano, Wild Wild Western*
*ba iyan,* at akmang hahablutin na ang libro kundi lámang

Nakalayô ako nang bahagya at nagsabing *ano ka ba?*
Mistulang nais magbakod pati balintataw ko habang dinig
Ang pabulong-bulong niya na nagpasyang lumayo na rin,

Pakunwang may ikinakasang baril sa pagsulyap ko, tutók
Sa akin ang daliri, at ang sabi'y *bang, bang, babarilin kita,*
*Ano? Ha?* Sabay kindat at karipas patungo sa hindi ko na

Alam. Patuloy ng libro, nang balikan ko, *mabuti pang*
*Magsalaysay ng mga halimbawa ng matulain kaysa*
*Magkasya sa bahaw ng pakahulugan.* Hindi ko tiyak

Kung ibig lámang bang ipamalas sa akin ng uniberso
Ang bagabag na maaaring magsakatawan, magpahamak,
Nakatayo ka man sa kanto, nag-aabang ng masasakyan.

Ang tula, kunsabagay, ay isa ring bagabag, nakamasid
Sa kislot ng imahen, at sa akmang sandali, sasaklutin
Ito upang sa mithing paghuhunos ay ganap na dahasin.

Dapat na bang mabuhay na saklot ng takot sa nakaabang?
Maaari'y baka nga parang búhay lámang ang pagbuklat
Ng teksbuk ng mga tula; nakaapak ka sa mga pagkamálay

Na dala ng turo hinggil sa tula, ng pahiwatig sa mga tula,
Maging sa bawat pagkagisíng sa daigdig, na laging handa
Sa mga pangyanig na di mawaring huwad o tunay na banta.

**PAGNINILAY SA LARAWAN KINABUKASAN NG SÚNOG**

Hindi mailalarawan ang iyong dalamhati.
Ang kuwadrong ito'y walang kakayahang
Sinupin ang lahat ng iyong saloobin,

Waring kusang tinatalikdan ang daigdig,
Tulad mong nakahalukipkip, nakayuko,
Sa pader lámang ng pabrika nakabaling.

Sa bandang itaas, nakamarka pa ang dila
Ng apoy sa tila lumúlutóng nang takip-yero.
Sa iyong paanan, tipak ng durog na uling.

Nagkakasya ang larawan sa paliwanag
Na dalangin para sa asawang natupok
Ang pakay mo roon. Ngunit ang malinis

Na pader na iyon ay naghuhunos bílang
Muog ng pagkasawi, walang maikukubli,
Nagbabalita, muli at muli, na kahapon,

Walang pinatakas ang lagitik at lagablab
At bumangon ang haligi ng itim na usok
Mula sa nilamong salasalansang tsinelas;

Salasalansang natagpuan sila, obrerong
Papatakás, napasubsob, napahandusay,
Nagsabato sa saklot ng sulasok at lapnos.

Kaytahimik mo sa iyong larawan, ngunit
Nang-uusig ang tanging pader, nakikinig
Sa iyong pagtangis, isa lámang sa laksâ,

Itinitindig ang bukambibig ng linggatong
At silab, ng nahúling hulíng tinig ng saklolo,
Ng akmang pagsakop ng liyab sa buto't balat—

Pawang patotoong may nananatili sa nawala
At bumalik sa abo, at ang holokawstong ito
Ay rusing sa kamay ng mga lubhang palalo.

**DESESPERADO**

Hindi na raw kasi táyo mabiro. Ano naman nga
Ang kaso kung maganda talaga ang misyonerong
Natugis, napatumba ng bala't sinalaula sa preso?

Ano naman daw ngayon kung sa pila, dapat nauna
Ang alkalde bago ang mayores? Tumawa naman
Ang lahat, at ipagtatanong pa ba ang pagkamapaglaro

Kung sa araw-araw na ginawa ng diyos, hitik sa mura
Ang bunganga nitong itinuturing na tagapagligtas
Na handang bigyan tayo ng malinis na pamamahala?

Sagot ng mga kapanalig, sugod, kuyog, mga kapatid!
Dahil ang panggagahasa ay biro-biruan lámang,
At kahit ang anak ng alkalde ay umaming biktima

Ng pagyurak sa puri; ngunit iboboto pa rin niya
Ang ama (siyempre, ama niya iyon) at kailangan
Lámang matuto táyong umunawa. Alin ba talaga

Ang mahirap maunawa? Ang biro o yaong parang
Biro na libong humahalakhak sa biro at handang
Tugisin ang mga hindi tumatawa? Sana nga'y biro

Lámang ang lahat, sapagkat sa panahong malutong
Ang tawanan, at aliw ang madla sa astang maginoo
Pero medyo bastos—kontrapunto ng lahat ng mahal

Na kawastuhang nakasusuka rin naman kalaunan—
Lumilitaw na anghel ang desesperasyon, binabati
Ang lahat, bigkas ang balita: mamili kayó, mabaliw

O masawi? At parang ang sarap magtaas ng kamay
At magtanong kung mayroon ba talagang pagpipilian.
Binabaliw na táyo ng sari-saring kamatayan, at tanging

Gútom ang nag-iisang wikang inuusal ng mga bituka
Mulang pitak hanggang looban. Baka nga sanggano
Ang maaaring tumapat sa mga sanggano ng lipunan,

At ang pagtawa't pagkikibit-balikat sa biro ay paglibak
Sa ordeng winindang-windang ang lahat. Maaari nga,
Sa kaibuturan ng mga halakhak, naroroong kumikibot

Ang akala ng lahat ay patay nang pag-asa, halinhinang
Hinahalay sa mahabang panahon ng pananalig sa katwiran
At hinahon. Dinarahas ng tawanan ang napatatahimik

Sa ngitngit, sa pagtataká sa pagsamba sa bagong poon
Na nagtataya, muli at muli, ng kaniyang búhay. Dinarahas
Din ng tawanan ang mga humahalakhak dahil kumakapit

Sa pangako't mga narinig nang salita. Mabaliw o masawi,
Iyan ang katanungan, at ang bawat isa, sa huli, ay pumipili
Ng masisikmura't maaari'y maitatawang biro ng kapalaran.

**PAGNINILAY SA LARAWAN: ANG BIRHEN AT ANG SANTO PAPA, TACLOBAN, LEYTE, 2015**

*The Marian image wears a Filipiniana dress with shawl done in "estofado," a style that makes it like it was embroidered by hand. The Virgin Mary, with sadness etched on her face, holds a boy by her waist. This boy reaches out to another boy by extending the rosary to the latter. She stands on a globe with violent waves as base.*

*—Inquirer.net*

Naririto sila ngayon sa inyong harapan, Inang Mahal,
Nangangatog sa lamig, mga basang-sisiw na nakikinig
Sa inyong Pastol, ngayong araw. Peregrino ang lahat—

Tanging kapoteng dilaw ang pananggalang sa tila
Pagbugso-na-muli ng ulang nilunod itong bayan.
Minamalas ka rin nila ngayon, at yaong inyong kipkip

Na musmos, waring pilit inaabot ang nagpapasaklolo
Sa inyong paanan, pagunita sa sumpang araw ng dilim
At daluyong, sa di akalai't hininagap na unos at ragasa.

Nagtatanong pa rin sila kung bakit. Hindi sila masagot
Ng Pastol. Sa gayong halinhinan ng hangin at ulan,
Pinagsaluhan, hindi lámang dugo at katawan, gayundin

Ang tanging katiyakan: hindi sila naliligtaan sa kanilang
Kadustaan, may kamay ang diyos na inaabot sila, gaya
Ng sa iyong musmos, kahit tumikom na ang pananaghoy

At inaalingawngaw na lámang ng bawat tibok ng puso.
Kaming nása malayo'y nakamalas lámang, nababagbag
Sa maaaring hikbi, sa dampi ng ambon sa kanilang pisngi.

Sinikap ng inyong Pastol na hagkan ang lahat ng iyon,
At sa kaniyang pagdamay, mistulang umapaw na muli
Ang tubig, lulunurin ang lahat, at sa paghupa'y lalantad

Ang mga labí, singyagit ng putikang kalsada, ng dibdib
Ng mga bangka at bapor na naligaw sa lungsod, habang
Naghahari ang kalam at walang kinikilalang kawastuhan.

Wari'y nangyayari pa ang lahat; nakapangyayari habang
Binibigkas ng Pastol ang hikayat na usigin ang panginoon,
Na tunghan ang malalawak na balintuna, tulad ng dagat

Ngayon na may banta ang hampas-alon; kayhirap ninyong
Mamalas noon, Inang Mahal. Naririto kayo ngayong sagisag
Ng habag, ngunit dala ng bagyo ang laksâng sákit, ginutay

Ang buhay ng bawat isla, pinasuko ang kaytatayog na niyog
At kahit simbahan ay hindi na masisilungan. Anong rikit,
Anong amo ng inyong mukhang naglalaho habang nalulunod

Ang anak at asawa, magulang at kaanak, kaibigan at kakilala.
Ngayon, nakabaling ang mga mata ninyo sa mga sinasaklolohang
Naglaho na, kahit kayrami pa ring naroroon at sumasamo,

Nagpapakalinga, silang naririto ngayon, habang huli ng lente
Ang mga dambuhalang patak, ang inyong sulyap, ang akmang
Pag-aabot-palad ng musmos, ang Pastol na napayuko't wari'y

Nagbalabal ng sariling katahimikan, pagal na saksi sa tila
Himala ng mga pag-usig at paubaya, benditado ng lumbay
At pinatingkad ng pintang-burda sa laylayan ng inyong sáya.

**MUTYANG DILIM**

*—Panonood ng Alitaptap sa Ilog Iwahig, Puerto Princesa, Palawan*

Ito ang ilog ng pagpapang-abot ng tubig at langit,
Ng salaminan ng mga kutitap sa kapwa rabaw.
May talim ang dibdib ng bangka't sanda-sandaling
Napupunit ang kalatagang pinaghihilom ng antigong
Kailaliman, at naririto kami, nakamata sa itinuturo
Ng giya—anyo ng mga palumpon, ng mga dahong
Ikinukubli ng pusikit. Ngunit sandali: ano nga
Itong parang umaandap na pagkislap sa píling
Ng mga anino at sanga? Sila ba yaong nagsisilid
Ng init sa buntot, nanginginain sa usbong, bulaklak?

Minsan, sa isang pagkakataon, sa kamay ko kumislap
Ang isa sa kanila, nahúling ligáw sa isang hardin
Ng aking kabataan. May tákot na bumalot, waring
Dilim, nang maisilid sa garapon, mistulang ipipiit
Na engkantadong mutya, at nang ganap na sumuko
Sa di matinag na guhit ng palad, nakatihayang ikinisap
Ang huling liwanag. May pangungulilang gumaba.

Ano'ng nagawa kong kabutihan at tila masusuklian
Ng sumisinghap na kariktan? Ang nakaraan ay guro
Ng masidhing pagkamausisa at palaging may násang
Mamalas ang lahat sa malapitan—nariyang gugupitan
Ang paa ng abal-abal bago paliparin habang nakatali
Sa sinulid, o pinapagot ang madikit, manipis na sapot
Mula sa manggahan. Ano ba'ng ginawa ko sa dayo
Na tipaklong na lumapag sa braso at aking ikinagulat?

Tanging ang tinig ng giya, malumanay, mataimtim,
Ang kasaliw ng sitsit ng kuliglig. Nasasanay unti-unti,
Ang aming mga mata sa ikinukubli ng bagong buwan
Ay kaydaming natutuhan hinggil sa mga kulisap
Na itong sa malayo ngayon tinatamasa ang anyaya,
Sa sinasabing kristalinong ilog na halos walang kagalaw-
Galaw, may anong lalim na kusang nagpapatuklas,
Nakahihindik, primal, mistulang busilak na kislap
Na nakatatak hindi lámang sa puwitan ng alitaptap,
Kundi lalo't higit sa kanilang uri, sa sangkatawan

Ng lahat ng dumarapo, namamahay, gumagapang.

Nakamalas ang mga konstelasyon, liwanag-taóng
Naglalakbay patungo rito upang maging repleksiyon
Ng ningning sa ilog na itong sandaling nagpapatahan
Sa pagkamangha't kaibhan ng mga estranghero.
Sa hudyat ng pailaw ng giya, napatitingin kami
Sa langit at marahang iginuguhit ng mga kutitap
Ang mga matandang anyong tiningala ng mga siglo;
Sa hudyat ng pailaw ng giya, napapabaling kami,
Muli at muli, sa mga palumpong nasasalat ng mata,
Habang tila nagtatanghal ang mga mutyang takdang
Mamukaw, mga munting kisap ng lungti, ng pula.

Pumipihit nang pabalik ang aming bangka
Sa minulang daungan ay panay pa rin ang tibok
Ng mithing magbalik-tingin, sumamba sa hiwaga
Ng mga tangkay at talulot. Inilubog ko ang kamay
Sa tubig, siyang minsang lumapastangan sa andap,
At sa aninag ng mga talà at kalawakan, inihaplos,
Habang marahang binabaybay ng bangka ang ilog,
Ang pagmumutyang talisik sa wika ng pagwasak
Ngunit namulat muli sa ningning ng paglingap.

**SA PIAT**

Walang pagkadurog ng lansangan ang makapupulbo
Sa mithing masipat agad ang simboryo sa burol.
Kaytagal kaylayo, parang walang hanggan ang pagtungo
Sa humihikab pang bayan, at kahit ang kalawanging
Tulay ay walang pagmamadaling itinatawid, inilululan.
Bakit nga ba isang mahabang kahiwagaan itong daan
Patungo sa dambana ng pitang kayumangging ina?
Sa pagbaybay ng dyip sa landas na ito ng palayan
Ng malalabay na uhay, tila ba aming isinasaloob
Ang mahahabang paghahagilap na nagmimistulang
Walang dulo, kahit may sangandaang pamimilian.

Wari'y pahiwatig ng orisonte—habang salo-salo
Sa pag-inda ng alikabok at tagtag—ang pagpanatag.
Marahil, isa ngang aral sa pag-aabang ang lahat
At ang nakapagbabatá ay maalwang sinasalubong
Ng wagayway ng bulaklak ng ina at anak, sarikulay
At halimuyak ng patotoo na katiyakan ang pagdalaw
Ng iwing kaganapan. Hindi ba ganoon ang salaysay
Ng birheng ito, minsang dalawin ang pinsang baog,
At nang magkita sila'y kumislot ang bawat sanggol?
Panatag ang birhen sa palad, at panatag ang pinsan
Sa himala, kahit malaong balabal ang katandaan.

Wala talagang nakapipiho kung kailan ang wakas
Ng paghihintay. Ang landas ay natatapos, ngunit
May mga pihit pakanan pakaliwang nagpapahagilap
Sa inaapuhap, halimbawa, sa tila sumilip nang krus
Sa pamumukadkad ng punong mangga. Sumalubong
Na ang kalabaw, ang nakapinid pang tarangkahan,
Ngunit naratnang bigla ang daang kaykitid kaysukal,
Nag-aanyong pagsubok, tinataya kung magkakasya
Ang dyip sa tila kung anong butas ng karayom tungo
Sa lingid yatang kaharian. Kami'y namamatiyanak
Ng mga kipkip na pananabik at mithing pagdatal.

Ang pag-atras ng sasakyan ay sandali ng pagkatuto:
Naroon na palang naraanan ang muhon, ang maligayang
Bati sa inyong pagdating, ay bakit nagpauna sa hagibis,
Sa muslak na halina ng payak na baryo at kalungtian?
Bumubuwelta ang dyip ay unti-uting sumisigid sa isip
Na hindi pala pagpapala ang sukat sa pamemeregrino
Kundi lubos na pagsuko, kahit sa antala ng di kilalang

Dako, kahit sa pagbaybay na muli sa landas pabalik
Sa tamang daan, kung saan malalanghap ang simoy-siga
At ang madla’y binababagtas na ang bugtong na debosyon,
Tiyak, panatag, wari’y sauladong dasal ang mga hakbang,
Binabati mang palagian ng lihis, layò, tagal, alikabok.

**LOLONG**

*—Butuan, Agusan del Norte*

Bunganga sa bunganga. Ganyan kita natagpuan
Sa iyong kaylamig, kaybasang hantungan,
Nakanganga, habang tila inginanganga ng kawani
Ang lumulong pridyider, isang tanging tangka
Na ibangon ang alamat ng sapalaran at sakuna.

Bumungad ang iyong pangil na walang makatiyak
Kung ano na (o sino) ang nginasab, ngunit panday
Ng panginginain ang tibay at talim, habang mistulang
Umaangat na hininga ang makabaligtad-sikmurang
Pangitain. Katunggali ng pagkabulok ang iyong tigas.

Sandali kong isinuot ang kamay sa pagkakanganga.
Gunita ang pagpapabida ng pangahas sa telebisyon,
Sinakmal ding muli ang málay ng balita ng pagkakahuli
Sa iyo sa ilog, ang pagpupumiglas, at ang mangha
Ng madla sa pagmalas sa nalantad mong kalakhan—

Isang higit kaysa hinagap, at hinihinging maiahon,
Wari'y mula sa kawalang-málay, bílang kuwentong
buwayang napanagumpayan, at ngayon nga'y naisilid
Sa pridyider, bangis na elado, inagawan pati ng butil
Ng luhang malaong panlansi bílang huwad na habag.

Sa kristal ng mga mata, babasaging alaala ang ugat
Ng bakawan, ang kristalinong daloy, ang panahon
Ng paggulang habang nakamata ka sa ibabaw ng tubig;
Tutunghin, sisilaing kaybilis ang pinipintigang ano man,
Dadakping marahas. Tulad ng nakapain ngayong kamay.

**PASTORAL SA EXECUTIVE VILLAGE**

Nagsimulang bukirin ang pook na ito,
At unti-unting itinirik ang mga bahay,
Patunay sa nais na ibansag sa sariling
Pagbabakod, paglalatag ng kalye't pasikot-
Sikot. Hindi pa gaanong mahal ang lupa
Noon, sabi ni ama, hindi tulad ngayong
Lupa sa paso na lámang ang mapapangarap.

Mula sa dalawang tahanan, unti-unting
Umusbong sa aming kalye ang pananahanan.
Naging mga pader at bubungan ang lungtian,
At di naglaon, napaparadahan na ng mga awto
Ang kalyeng dati'y may kung anong layaw
At luwag habang tinatangka kong paangkasin
Ang saranggola sa hihip ng takipsilim.

Ngunit may kasaysayang nagmumulto ang lupa.
Sino ba ang nakababatid ng laksang
Punlang pinausbong dito, ng mga tahimik
Na batis, ng matandang kalabaw na nanginain
Sa parang na naglahong lahat matapos takdaan
Ng pagmamay-ari ang kanilang pag-iral?
Tumindig ang pabahay ngunit di sila naparam—

Hindi naglaon, itinutulak muli ng mga báka
Ang geyt upang magpiyesta sa damo ng bakanteng
Lote; dumatal ang kapitbahay mulang probinsiya
At nagbungkal ng hindi mailako-lakong lupa
(May problema raw sa titulo, bulong ng ama ko).
Sa pamamasyal, nakamamanghang kinakalaban
Ng mga saging ang mga pader sa pagpapakatayog.

May mga hapong tulad nito na biglang sumisigid
Ang usok sa bintana at mapasisilip ako upang
Hanapin kung saan ito nagmumula. French
Windows ang tatambad mula sa kabilang
Bahay. Kumakaway ang mga saging. Sa paanan
Ng mga ito, isang sambahayan ng mga sasabungin,
Tumitilaok, nagtatatwa sa inaakala kong daigdig.

**SA MANAOAG**

Pagdalaw sa desolasyon ang bawat pagtungo rito;
Ng sarili, o ng balana, maaaring pareho.
Ngunit walang ipinag-iba ang tanawin ng bukid
At baryong binalatayan ng kalye, sa gabi o araw—
Pawang parang lámang, ilang puno't palumpon
At sa dilim nga'y hilerang malamlam na ilaw-poste.
Tinatawag ng pook ang isang masidhing lumbay
Habang dumaraan sa bintana ang kahungkagang
Kung may liwanag ay kinukumutan ng lungti.
Halos wala ring kinang ang daratnang bayan.

Pagkababâ sa bus ay agad na nandumog ang laksâng
Magkakandila—kani-kaniyang benta ng tungkos
Na halos iduldol sa mga mukha't pupungas-
Pungas pang málay na naalimpungatan sa maagang
Pagdatal. May kapanglawan bang dapat tanglawan
Kaya't tila ganito na lámang ang kanilang pag-aabalá?
Sarado pa ang tarangkahan ng simbahan, at itong
Batalyong bisita'y wari'y nagugulumihanan pa
Sa kung saang sulok maaaring sandaling ihimpil
Ang nangangawit na't nahahapong peregrinasyon.

Sa kuwento, tinawag ng birhen ang pinagpakitaan
Sa lumbay ng parang, at nagsimula siya sa paghiling
Na mapagtirikan ng simbahan. Kaytagal nang
Bukambibig iyon, at nananatiling walang mukha
At ngalan ang bugtong na magsasakang napaghimalaan.
Ngunit sa hulí, ang minahalaga ay ang kaniyang tugon,
Ang kaniyang pagtugon. Tulad ng sa mga peregrino
Ngayong madaling-araw na kasabay sa paghigop
Ng arroz caldo at paglanghap sa kasasalang na tinupig.
Bawat isa'y may dala-dalang dasal o dalamhati,
Dumudulog nga'y animo'y bumabaling din matapos
Na pukawin mula sa danas ng siphayo't sapalaran
Ng tinig na wari'y nagsasabing *lumapit, lumapit.*
Kilo-kilometro ang tinalunton ng lahat, masumpungan
Lámang ang mapagkalingang mukha sa altar.

Humahabol ang mga magkakandila sa pagtayô
Ng madla sa kinauupuan, sa tanda ng pagbubukás
Ng simbahan. Mauuna pa sa bagting ng batingaw.
Bumubukás ang pinto ng dambana'y sumasalubong
Ang kinang ng birheng marahil ay pumukaw

Sa nag-iisang nakaengkuwentro siya sa pagsilong
Sa palumpon.  Walang sino mang di magtitiklop-
Tuhod sa marubdob na kariktan.  Di magtatagal,
Sisilip ang araw at babangon ang daigdig na ito
Ng mga panatang sama-sama ngang tinutupad—
Sa pagpisil sa mga butil ng rosaryo, sa agad
Na pagpila, mahaplos lámang ang laylayang
mahalimuyak, sa pagtitirik ng mga kandila—
Ay tunay namang mag-isang pinapasan sapagkat
Ang pagharap sa banal ay paglaladlad ng matalik,
Pinakatatagong kalooban.  Kailangang-
Kailangang hugasan ng liwanag, kahit ng kinang,
Ang pusikit ng dalangin.  Ito marahil ang lihim
Ng lakbay, ng tugon sa isang maalamat na anyaya.

**DÍALOGOS INTERNOS**

*In the period of his decay, the individual's experience of himself and what he encounters contributes once more to knowledge, which he had merely obscured as long as he continued unshaken to construe himself positively as the dominant category.*

*—Theodor Adorno*

Sapagkat sumasapit táyo
Sa ganitong pakikipag-usap sa sarili—

Sa panahong mithi lámang ang magsisigaw,
Hinahamak ko ang sariling pagtikom

Habang hilahil ko ang isang bugtong
Na himagsik. *Sino nga ba akong halos*

*Manduro ng mga salita?* Sa isang kisapmata,
Nakatatagpo ko ang sariling tumutunghay

Sa pahina ng mga aklat, tanong
Ako nang tanong, may paghahangad

Sa bawat buklat habang napupulbos
Ng dulo ng daliri ang mga katitikang

Unti-unting pinaparam ng kapusukan.
*Ano ang nása lumang tipan?* Ilong kong nangangati

Ang hahatol. *Ngunit para saan?*
May mga umagang hinihiling kong

Malibing na ako sa mga librong isinalansan
Kong maigi sa paanan ng aking kama,

Tumumba ang buong eskaparate upang
Makitil na itong búhay ng mga paghahanap

Sa mga hindi ganap na magagagap. Gusto
Ko ng dahas, gusto ko ng isang pakikipagtuos

Ngunit ano ang pinakatamang lugar? Saang
Urian ko susukatin ang aking natutuhan?

Samantalang nais kong maniwalang sapat
Na ang sinintang búhay na ito upang sumipat,

Nangangaligkig ako. *Ano ba ang kahuhulugan?*
Ang hanap ko pala'y nakaaagnas na kahulugan.

*

Sa Troya, walang nakapagsabi sa nakakubli
Sa dakilang kabayong kahoy. Kahanga-hanga.

May hinala akong sinadya ng mga Griyego
Ang mamangha ang mga Troya sa nalabíng

Bantayog sa kanilang tarangkahan. Kakatwang
Pihit ang gagawin ko pagkahayag na isa itong

Talinghaga, imahen ng inakalang pagkakaibigan,
Bagaman kinalimutan na ang pangyayari ngunit

Hindi ganap na naliligtaan: isa sanang mahusay
Na usapan, balitaktakan, isang pagpapalaya

Sa taludturan na ang biglang sabi'y hindi naman
Mailalarawan. *Ang nais sana namin ay matuto*,

Ngunit inusig nila ang balangkas ng pagkukuro,
Ginitla ang mga pananalig sa bawat kipkip

Na bugtong at salawikain, tulad ng sa mga inang
Griyego na maaari'y nagpapasuso sa mga supling

Nang gabing yaon nang isa-isang bumabâ
Ang pilíng hukbo upang buksan ang tarangkahan

Ng Troya at hayaan itong lipulin nang pinapasok
Na mga kalaban. Wala namang talagang nagwagi

Sa digmaan, ngunit minumulto ako ng lumbay.
Papaanong may mga ganitong katampalasanan

Sa mabuting pakikipagkapwa? Papaanong mainit
Na paanyaya ang inihahandog ay may sulo palang

Nakaabang at walang kagatol-gatol na pinagliliyab
Ang lahat ng mga minamahal na mga lupalop?

Ipinipilit ko lámang ang talinghaga, sasabihin nila,

Ngunit ang pahiwatig ko: marahil ang tingin nila

Sa akin ay debotong habambúhay na hihila-hila
Sa isang dambuhalang poong bantay-salakay.

*

Hindi rin kaya maihahalintulad ang kabayong-kahoy
Sa Nazarenong dinudumog ng mga tao taon-taon?

Iniisip ko, baka ang talinghaga nila talaga sa akin
Ay talaga ngang debotong magpapakamatay

Para lámang maakyat ang, ay, Dakilang Poon!
Dumaraan sa ibabaw ng kunwang Ilog Kaluluwa,

Itinatali pa sa aking leeg ang lubid ng kaybagal
Na andas. Kung alam lámang nila kung paano ako

Ligaligin ng mga anino tuwing gabi—at nagpapaligalig
Naman ako. Sa tuwing dumarapo sa aking noo

Ang kaitiman ng mga ito, sumasapit sa akin ang lahat
Ng kakulangan. Nanliliit ako, nasisilaw sa taginting

Ng makikinang na batong tinatamaan ng kanilang
Di malagot-lagot na liwanag. *Ano ang aking gagawin?*

Sa isang banda, isang palagiang pagpapapasok
Ng kabayong kahoy, isang paghila sa andas, ang aking

Búhay: pagdama sa bawat pintig ng ligalig, paglura
Sa orasyon ng mga binibigkas na pananampalataya.

Bumabangon ako sa umaga, mistulang may latay ng lubid
Sa leeg, at naliligiran ng mga katakatakang pagkaluray.

*

*Ano ang ubod ng mga ito, kung gayon?* Ganito:

Minsan, sa isang lungsod, nagpasiya ang mga tao
Na salubungin ang lalaking sakay ng humenta,

Palaspasan siya habang sigaw nila ang aleluya.
Ngunit may isang tinig mula sa ilang ang nagbunyag

Na *tumigil kayo, tumigil kayo*, ngunit hindi nagpaawat
Ang mga nagsasabing nananampalataya. Nakita

Nila ang kaniyang mga himala, wika nila, at talagang
Kamangha-mangha. Tulad halimbawa ng pagsulat

Niya sa bawat nilang mga sala gamit ang tungkod,
Habang akmang pupukulin nila ng bato ang masamang

Babae. Binura niya ang mga sala sa mukha ng buhagin,
At naniwala na sila sa kaniyang masagisag na pihit.

Paniniwalaan nila ang lahat ng mga posibilidad,
Pati na ang ganap na pagkalustay ng katitikan.

Pagsasalikupin ko ang pagbuburang ito, ang kabayong
Kahoy, ang Poong Nazarano, ay parang nagkakatotoo

Nga ang mga pahiwatig, nag-uugnay. Ngunit naroroon
Pa rin ang tinig ng nagbubunyag ng *tumigil kayo, tumigil*

*Kayo*, sa gitna ng lawiswis ng mga palmeras, nalulunod
Sa aleluya, na waring tinig ko ring hinahayaang maparam.